

1

Magaan ang pakiramdam ni Anya nang bumangon siya kanina sa kama. Kakaiba ang kanyang gising ngayong araw kaya naman excited siyang pumasok sa jewelry store na pinagtatrabahuhan. Hinuha niya ay ito ang magiging simula ng magandang takbo ng kanyang buhay.

Noong isang linggo lang ay na-promote siya bilang supervisor. Ang may-ari mismo na si Mrs. Yolanda Romulo ang kumausap sa kanya para ipaalam na siya na ang bagong mamamahala sa naturang store.

Gusto na kasi nitong mag-retire sa pamamahala ng negosyo na halos fifteen years din nitong pinalaki at inalagaan katulong ang kabiyak nito. Ang kaisa-isang anak na lamang nito ang magpapatuloy sa pangangasiwa ng mga negosyong napundar ng mag-asawa.

Katunayan, noong araw na kinausap siya nito ay paalis na ang ginang papunta sa Estados Unidos para magbakasyon sandali, Susunduin na rin nito ang anak na roon nanatili ng ilang taon matapos kumuha ng masteral degree mula sa isang prestigious university

roon. Wala pa umanong asawa ang lalaki.

Sa susunod na linggo ay darating na ang magina, kaya naman pinaghuhusayan si Anya ang pamamahala sa jewelry store. Ayaw niyang mayroong makapagsabi na hindi siya nararapat sa posisyong ibinigay at ipinagkatiwala sa kanya ni Mrs. Romulo.

“Good morning, Miss Anya!” bati sa kanya ng mga salesladies at salesmen habang patungo siya sa private office na pansamantala niyang inookupa mula nang umalis ang kanyang amo.

Kiming ngiti ang isinasagot niya sa mga pagbati ng kanyang mga kasamahan sa trabaho. Isang linggo na mula nang siya ay maging supervisor, pero hindi pa rin niya makasanayan ang tawag ng mga ito sa kanya.

Noong una nga ay tinatawag siyang ‘Ma’am’, pero ilang siya. Kaya naman ‘Miss’ ang isinuhestyon niya na itawag sa kanya. Kahit kailan yata ay hindi niya makakasanayan na tawagin siyang ‘Ma’am’, dahil kasama na niya ang mga ito noong siya ay saleslady pa. Sa tagal ng pinagsamahan nila ay naging magkakaibigan na sila.

“Miss Anya, nandito na po ‘yung client na nagorder ng diamond set from *Tiffany & Co.* Kung ready

na raw po, kukunin na niya,” ani Noel, ang una niyang naging kaibigan mula nang nagtrabaho siya sa jewelry store na ito.

“Thank you, Noel. Ilalabas ko na, pakihintay niya sandali,” nakangiting sabi niya rito.

Tumalikod na ito at marahang isinara ang pinto ng opisina. Siya naman ay tumayo at ini-lock ang pinto. SOP iyon sa kanya kapag bubuksan ang vault. Isa iyon sa bilin ni Mrs. Romulo. Hindi naman daw iyon sa kawalang tiwala sa mga kasamahan niya kundi para sa security.

Nang makuha niya ang set ng diamond sa vault ay tinawag niya si Noel para ito ang mamahala sa pagsusukat at pagbili ng kanilang kliyente. Kaso ay busy ito sa isang walk-in customer, kaya siya na ang nagdala ng order sa labas.

Itinuro sa kanya ng kaibigan ang client na dapat niyang lapitan. Ngayon lang niya nakita ang babae kaya sigurado siyang hindi ito isa sa mayayaman na kaibigan ng kanilang big boss.

Ini-explain niya sa babae ang gawa at kilatis ng alahas. Tinulungan din niya itong magsukat ng mga diamante. Nang kilatisin nito isa-isa ang alahas at sabihing kukunin na nito ang set ay natuwa

siya. Dahil malaking pera ang papasok sa kanilang tindahan under her supervision.

Nagpaalam siya sandali para ayusin ang bill nito. Cash kasing babayaran ng babae ang naturang set. Kailangan niyang kunin ang record nito sa kanilang file noong mag-place ito ng order. Pumasok siya sa opisina para hanapin ang file nito at kumuha rin ng mga forms na dapat nitong i-fill up.

Nagtaka siya nang sa paglabas niya ng opisina ay wala na ang babae. Ni hindi niya ito makita saanmang sulok ng store. Kinakabahang lumapit siya sa mesa kung saan niya ito ini-entertain. Nakahinga siya nang maluwag nang makita na naroroon pa ang velvet box na kinalalagyan ng set ng alahas.

“Nasaan ang babaeng kausap ko kanina?” tanong niya sa kanilang security guard.

“Umalis na, Miss Anya. Narinig ko nga na sabi, eh, hindi naman daw pala magaganda ang tinda nating alahas. Nag-aksaya lang daw siya ng oras,” nagkakamot ng ulo na kuwento nito.

“Gan'on ba? Sige, salamat.”

Bumalik siya sa mesa at binuksan ang box para i-check kung nandoon pa ang mga alahas na diamante. Kulang ang salita para i-describe ang hitsura ng

dalaga nang mapagtanto niyang nanakawan sila.

Pakiramdam niya ay pinangapusan siya ng hininga at nangatog ang kanyang mga tuhod. Gusto niyang maglaho sa mga sandaling iyon. *Bakit? Bakit? Bakit?* Iyon lang ang rumerehistro sa isip niya.

Bitbit ang kaha ng alahas ay tinungo niya ang opisina. Dumerecho siya sa harap ng security monitor na lalong nagpabagsak sa mga balikat niya. Bukas ang security camera pero sagad na ang tape ng VHS. Kahit na nang i-rewind niya ang tape ay hindi nakuhanan ang hitsura ng babae.

Naguguluhang napaupo siya sa sahi. Paano na ngayon ito? Ano ang gagawin niya? Anong mukha ang ihaharap niya kay Mrs. Romulo? Ipakukulong ba siya nito? Pababayaran ba sa kanya ang alahas? Iyon ang mga katanungang salit-salitan na pumapasok sa isip niya.

Nasa ganoon siyang ayos nang maratnan siya ni Noel. Nagtatakang nilapitan siya nito at inakay na tumayo. Ni hindi niya maintindihan ang mga sinasabi nito. Tanging Mrs. Romulo at telepono lang ang rumehistro sa utak niya.

Iniabot nito sa kanya ang wireless phone at itinapat pa sa tainga niya. Doon siya tila nagising

nang marinig niya ang tinig ng matandang babae.

Wala siyang ibang nasabi kundi ‘hello’. Kahit na nang magpaalam ito sa kabilang linya ay para siyang tuod na nakatayo lang doon at tinitingnan ang hawak na telepono.

“Ano ba’ng problema mo, Anya?” naguguluhang tanong ng kaibigan.

Sa narinig ay hindi niya napigil ang mapaiyak. Lalo pa tuloy naging palaisipan kay Noel ang kung ano ang kanyang suliranin. Ikinuha siya nito ng tubig at pinakalma.

Mahaba-haba ring minuto ang lumipas nang sa wakas ay tumigil sa pag-iyak si Anya. Ikuwento niya rito ang buong pangyayari. Nang matapos siya sa paglalahad ay dalawa na silang nakatanga. Tulala ring nakatingin lang sa kanya ang kasamahan sa trabaho. Lumipas pa ang ilang sandali bago ito nakapagsalita.

“Sasamahan kita sa pulis, mag-report ka ‘tapos i-describe mo ‘yung hitsura ng babae para magawan nila ng cartographic sketch,” suhestyon nito.

May sense rin naman pala si Noel, naisip niya. Kahit na pulos pagpapalipad-hangin at pang-iinis sa kanya ang ginagawa nito, may naiambag naman itong

kapaki-pakinabang sa ganitong klaseng sitwasyon.

Hindi na nila ipinaalam sa mga kasamahan ang nangyari sa kanya. Basta nagsabi sila na pupunta sa pulis at mag-re-report ng theft. Ang guwardya naman ay pinayuhan silang mag-ingat.

Ilang oras din ang ginugol nila sa pulisya. Napakahaba ng proseso para lang sa pag-report ng theft. Kinailangan pa nilang ulitin ang kanilang mga salaysay bago sila magawan ng artist ng sketch ng suspect.

Pananghalian na nang matapos sila sa kanilang sadya.

“Tatawagan mo ba si Mrs. Romulo para ipaalam ang nangyari?” tanong ni Noel nang kumakain na sila.

“Hindi ko nga alam, eh. Gusto kong malaman niya pero hindi ako sure kung ipaaalam ko ba sa phone o sa personal na lang,” alanganin niyang sagot.

“Kung hintayin mo na lang kaya ang pagdating niya, tatal pauwi na sila ng anak niya sa Wednesday.”

Wednesday? Tatlong araw mula ngayon? kalkula niya sa isip. Ang alam niya ay isang linggo pang mananatili sa US ang kanilang amo. Bakit biglaan yata ang uwi nito?

“Para ka na naman natuka ng ahas d’yan. Hindi ba’t nakausap ka ni Mrs. Romulo kanina? Di alam mo nang pauwi sila sa araw na ‘yun.”

“Natatakot ako, Noel. Paano kung ipakulong ako ng amo natin? Napakalaki ng halaga ng alahas na ‘yon. Bakit ba kasi ang tanga-tanga ko?” naiiyak na pahayag niya.

“Hindi ka tanga, Anya. Naging supervisor ka nga, eh. Siguro may plano ang Diyos kaya nangyari sa ‘yo ‘to. Sabi nga sa napanood ko, this happens to the rest of us,” pagpapalakas nito sa loob ng kaibigan.

“Paano ko kaya sasabihin kay Mrs. Romulo na nanakawan tayo? Baka atakihin ‘yun sa puso,” nag-aalalang turan niya.

“Wala naman yatang sakit sa puso ‘yun,” kalkula ni Noel. “Dapat siya ang unang makaalam at ikaw ang magsabi sa kanya n’on. Siguro dapat sa welcome party pa lang ay sabihin mo na, baka mas lalong magalit kung patatagalin mo pa.”

“Sige, basta samahan mo ako. I-explain natin sa kanya ang lahat.”

“Bakit kasama pa ako?” kontra nito. “Mag-one-on-one talk muna kayo. Kapag ipinatawag ako ‘tsaka na lang ako sesegunda sa mga sinabi mo at kung

ano'ng ginawa nating mga hakbang para mahuli 'yung magnanakaw na 'yon."

Tango lang ang naisagot ng dalaga sa mga sinabi ng kaibigan. Okupado ang kanyang isip sa kung paano niya sasabihin sa ginang ang mga nangyari. At kung ano ang magiging reaksiyon nito.

Ni hindi nga niya nagalaw ang pagkain. Tinusok-tusok lang niya ang porkchop na nakahain sa harapan niya. Ni hindi niya magawang sumubo man lang; kinakain siya ng nerbyos at takot dahil sa nangyari. Pinatapos lang niya sa pagkain si Noel at bumalik na sila sa opisina.

Panginoon, tulungan N'yo po ako... ang tanging naisaloob ni Anya.

2

Hindi malaman ng dalaga kung paano lalapitan si Mrs. Romulo sa welcome party na ibinigay nito para sa anak. Naroroon ito sa garden at abala sa pag-aasikaso sa mga kaibigan at bisita. Mukhang masayang-masaya ito dahil sa nakikita niyang kagalakan sa mukha nito.

Paano niya ito bibigyan ng masamang balita? Paano kung magalit ito sa kanya at mapahiya siya sa mga tao roon? Bukod kasi sa mga empleyado nito ay naroroon din ang mga kaibigan nitong pawang mayayaman. Nakakahiya kung masisigawan siya at makakagalitan.

Hindi maalis sa isip niya ang pangamba. Paano kung sa gitna ng mga bisita nito ay tanggalin siya ng amo sa trabaho? Or worse ay ipahuli sa mga pulis kung hindi nito paniniwalaan na wala siyang kinalaman sa nangyaring nakawan.

Nangangatog ang mga tuhod niya, pakiramdam ni Anya ay sobra ang lamig ng hangin at tumatagos iyon sa suot niyang bestida. Pati ang mga palad niya ay parang nagyeyelo sa sobrang kaba.

“Hoy! Ano’ng ginagawa mo dito sa sulok?” pukaw ni Noel nang makalapit ito sa kanya. “Ba’t ka nagtatago rito?”

Halos malaglag ang kanyang puso sa biglaang pagsulpot ng lalaki. Dahil sa sama-samang nararamdaman niyang tensyon, takot at pagkalito ay hindi niya namalayan ang paglapit nito.

“Ba’t ka ba nanggugulat?” asik niya. “Kumukuha lang ako ng tiyempo kung paano lalapitan si Mrs. Romulo. Umalis ka na nga at sinisira mo ang diskarte ko, eh,” pagtataboy niya sa kausap.

Halos mag-iisang oras na rin siyang nakatayo sa likod ng mga palmera. Paikot-ikot siya at pilit inaanalisa sa isip kung paano sisimulan ang masamang balita sa kanyang mabuting amo.

“Are you hiding from someone?” sabi ng tinig na halos magpalundag sa kanya.

Nagpalundag ba sa kanya o sa puso niya? Unti-unti siyang pumihit para harapin ang nagmamay-ari ng baritonong tinig na nagtanong sa kanya. Nahigit niya ang hininga nang makaharap ito.

Ang lalaking pinapangarap ng kababaihan. Ang lalaki na hindi ipagwawalang-bahala ng sinuman kapag nakasalubong sa daan. Lalaki na pag-aagawan

ng mga babae dahil sa taglay nitong karisma.

Hindi nakapagsalita ang dalaga. Mataman niyang pinagmasdan ang estrangherong nakatayo sa harapan niya. Ang mukha nito na babayaran ng mga iskultor ng malaking halaga para lamang magmodelo sa kanila. Ang tindig nito na animo ay kanya ang lupa kung tuntungan.

Sigurado siyang isa ito sa mayayaman na bisita ni Mrs. Romulo. O kaya ay kaibigan ng anak nito. Hindi bagay rito ang maging empleyado. At sa gara ng pananamit nito, kahit na nakasuot lang ng maong pants at puting polo shirt ay nangingibabaw ito sa lahat. Idagdag pa ang naaamoy niyang pabango mula rito na gusto niyang maliyo sa sensuwalidad na nakabalot doon.

Tikhim ng lalaki ang nagpanumbalik sa diwa ni Anya. Nahihiyang ngumiti siya rito at nagkibit ng balikat, alam niyang huling-huli siya sa ginawa niyang pag-assess sa hitsura nito.

“I heard your name’s Anya; I’m Caleb, by the way,” pagpapakilala nito sa sarili.

“Kanino mo narinig ang pangalan ko?” Naguguluhang inabot niya ang kamay nito upang makipagkamay.

“Sa isa sa mga nadaanan kong table. I got curious kaya nang narinig ko na nagtatago ka raw dito, pinuntahan kita.”

Tumango-tango lang ang dalaga. Wala siyang maisip na sabihin sa kausap. Isa pa ay mayroon siyang mahalagang sadya kung bakit siya naroroon. Idagdag pa na naiilang siya sa ginagawang pagsuri nito sa kanya. Bigla tuloy siyang na-conscious sa ayos niya.

Tama naman ang isinuot niyang damit para sa okasyon na iyon. Isang itim na body hugger dress na tinernuhan niya ng pulang belt at pula ring peep toe shoes. Ang buhok niyang lampas-balikat ay itinaas niya at inipitan ng silver clip. Tanging pulang lipstick lang ang adorno niya sa mukha na mas lalong nagpatingkad sa natural niyang ganda.

“Do you mind if I stay here with you? Kanina pa ako inaantok sa kakaupo roon,” ani Caleb.

“Stay? With me?” alanganing tanong niya.

“Yes,” nakangiting sabi nito. “Unless may hinihintay ka nga rito, just tell me.”

“N-no, wala akong hinihintay,” mabilis niyang sabi.

“Okay then, let’s walk sa banda doon, may

swimming pool sa kabilang side,” saad nito, sabay turo sa matataas na halaman na sinadyang iharang sa garden papunta ng pool.

Hindi na nagpatumpik-tumpik pa si Anya, kusang-loob siyang sumama sa lalaki. Naisip niya na kung hindi magiging maganda ang kahihinatnan ng gabi pagkatapos niyang makausap ang amo, at least, she experienced to be with someone that she instantly adored.

“Baka hanapin ka ng mga kaibigan mo? Bigla ka yatang nawala sa mesa ninyo,” umpisa niya sa usapan nang sapitin nila ang pool.

“They’ll understand, mas lalo na kung ma-meet ka nila.”

Pinamulahan siya ng pisngi sa sinabi ni Caleb. Kahit hindi derechahang sinabi sa kanya ang compliment ay nakuha niya ang ibig sabihin nito. Nahihiyang nagyuko siya ng ulo at umupo sa isa sa mga umbrella tables doon. Nanatili naman itong nakatayo.

“I’ll be straightforward with you, Anya. The first time I heard your name, I got curious. I had this urge to meet you. Now that I finally did, I want you to know that I like you.”

Tameme ang dalaga sa kaprangkahan nito. Hindi niya malaman ang sasabihin o ang gagawin sa mga sandaling iyon. Ano ba ang dapat niyang maging reaksyon sa sinabi nito? Hindi niya masisisi ang kausap kung talagang prangka itong tao.

Kaya lang ay marami siyang inaalala sa mga oras na iyon. Isa pa ay wala itong alam tungkol sa kanya. Paano kung ipaalam niya rito na nanakawan ang host ng party ng isang set ng diamonds dahil sa kapabayaang niya? Magugustuhan pa rin ba siya nito?

“Ano ang ibig mong sabihin?” sa wakas ay sabi niya.

“I like you. Kung papayag ka, I’ll court you. Hindi mo puwedeng sabihin sa akin na may boyfriend ka na dahil alam kong wala,” anito na may determinasyon sa tinig.

Napataas ang kilay niya. “Huh? Paano mo nalaman na wala akong boyfriend? Eh, ngayon pa lang tayo nagkakilala.”

“Dahil kung ako ang boyfriend mo, hindi kita hahayaan na mag-attend ng party na mag-isa. At hindi kita hahayaan na magtago sa likod ng mga palmera,” paliwanag nito. “Obviously, you came here alone, maybe with some of your friends but not with

a special someone.”

Parang pinanunuyuan ang kanyang lalamunan sa takbo ng usapan nila. Gustuhin man niyang hayaan itong manligaw sa kanya ay nagdadalawang-isip siya.

“Hindi mo ako kilala. Huwag na lang,” tanggi niya nang tumayo siya mula sa kinauupuang silya.

“Kaya nga kita liligawan para magkakilala tayo nang husto,” pigil nito sa paglayo niya. “Para malaman natin ang ugali at gusto ng isa’t isa. Just give me a chance to prove myself worthy of you. Kung hindi mo pa rin ako matanggap, you can always turn me down. Huwag lang sana ngayon.” Parang nakikiusap ang tinig nito.

“It’s too soon. Wala pa tayong sampung minuto na magkakilala. Pangalan mo nga lang ang alam ko sa ’yo ‘tapos manliligaw ka na agad? Parang hindi yata kapani-paniwala iyon.”

“Don’t you believe in love at first sight?” malumanay na tanong nito.

Natawa siya. “Don’t tell me, naniniwala ka sa ganoon?”

“Before hindi, but seeing you proved me wrong.”

Napabuga siya ng hangin. “Tigilan na natin ang

usapan na ito, nagkakalokohan na tayo, eh. Bumalik ka na sa mga kaibigan mo at may kakausapin pa ako,” sabi niya, sabay talikod.

“Bakit ayaw mo akong paniwalaan? Hindi mo pa naman ako kilala, pero hinuhusgahan mo na ako kaagad. Why don’t you give us a chance?” sansala nito.

Umiling siya. “Hindi na kailangan, baka mamaya pinag-titripan n’yo lang ako ng mga kaibigan mo d’yan, dahil bored na kayo sa party. Or dahil wala ka lang magawa at nagpapalipas ka ng oras. Please lang, huwag mo nang dagdagan pa ang problema ko.”

“Anya...” anito na hinawakan ang kanyang braso upang pigilan ang pag-alis niya.

Nang lingunin ng dalaga si Caleb ay nagulat siya sa biglaang paglalapat ng mga labi nila. Nanigas siya sa nangyari, para siyang nakuryente nang mas palalimin pa nito ang halik na iginawad sa kanya.

Gusto niyang tugunin ang halik nito na lumulusaw sa katinuan ng kanyang isip, pero mas nangibabaw ang utak niyang matino sa ginawa nitong kapangahasan.

Ang walanghiya! Walanghiya talaga! naisaloob niya nang itulak niya ito nang ubod-lakas saka binigyan ng mag-asawang sampal.

“Kung iniisip mo na maikakama mo ako ngayong gabi, nagkakamali ka. Hindi ako katulad ng mga babae na napi-pick up mo sa mga party dahil lang sa kaguwapuhan mo.”

Walang-pakundangang iniwan niya ang lalaki sa poolside. Hindi madali para sa kanya na paniwalaan ang sinabi nito. For the first time, she encountered someone na love at first sight ang ibinigay sa kanyang dahilan kung bakit manliligaw. Nainis na siya rito dahil hindi iyon kapani-paniwala. Mas lalo pang umusok ang butas ng ilong niya dahil sa ginawa nitong paghalik.

Kadalasan na rason ng mga nabasted niya ay dahil masarap siyang kasama, na nade-develop sa kanya. Ayon naman kay Noel ay dahil matagal na silang magkaibigan at wala na iyong ibang patutunguhan kundi ang pakikipagrelasyon.

Hindi na niya nilingon pa si Caleb. Gustuhin man niyang tanggapin ang panliligaw nito ay nabura na iyon sa isip niya. Kung sa ibang pagkakataon sana sila nagkakilala ay baka pumayag siya.

Baka inakala nito na isa siya sa mga bisita ni Mrs. Romulo na may-sinasabi ang pamilya. Kaya naglakas-loob itong magpahiwatig ng pagkakagusto sa kanya. Masasaktan lang siya kung sa gitna ng panliligaw nito

ay biglang mag-back out, sa kadahilanan na hindi sila bagay o dahil sa layo ng antas nila sa buhay.

Bumalik siya sa mesa na kinaroroonan ng mga kasamahan niya sa trabaho at hinanap si Noel. Ngayon na niya kakausapin ang kanilang amo para ipaalam ang naging problema sa jewelry store. Hindi na niya hihintayin na matapos pa ang party bago ito harapin. Mabuti nang ibagsak na ngayon ang palakol kaysa naman pinatatagal pa niya ang kanyang hatol.

Hindi niya makita ang kaibigan. Kung maghahanap pa siya ay matatagalan lang siya at baka makasalubong pa niya si Caleb. Ayaw na niyang makausap o makaharap pa ang lalaki. Oras na masabi niya kay Mrs. Romulo ang problema ay uuwi na siya kung hindi siya nito pipigilan.

“Anya! Kanina pa kita hinahanap. Bakit ngayon ka lang lumapit? Kumusta ang napakaganda kong supervisor?” saad ni Mrs. Romulo nang ma-corner niya ito malayo sa mga bisita.

“Hindi po mabuti, Ma’am. May problema po sa jewelry shop,” alanganing sabi niya sa ginang.

“Maliit na bagay lang siguro?”

“Hindi po, malaki at sigurado ako na....” Napigil ang sinasabi ng dalaga nang may tawagin ang ginang.

“Cal, halika at ipakikilala kita kay Anya,” anito sa anak. Muli siyang binalingan nito. “Madalas kitang maikuwento sa batang ‘yon kaya sigurado akong magkakasundo kayo sa pamamalakad sa shop.”

Titig na titig ang dalaga sa paparating na si Caleb. Lihim siyang mapalunok. Ito ang anak ni Mrs. Romulo? Nakita niyang humalik ito sa pisngi ng ina. Gusto niyang lumubog sa kinatatayuan pagkaalala sa nangyari sa kanila sa poolside. Alam kaya ng lalaki na ang Anya na ikinukuwento rito ng ina ay ang Anya na nakilala nito kanina?

“We’ve met, Ma, kanina sa labas. And you’re right, she’s someone I will like. Pero nakaligtaan n’yong sabihin sa akin, that the sweet little Anya you’re referring to have claws.”

Nakipagsukatan siya ng tingin sa binata. Pero sa gawi nito kung paano siya tingnan ay ang dalaga ang unang bumawi. Para siyang matutunaw sa ginagawa nitong pakikipagtitigan. Tila gusto siyang hubaran ni Caleb sa utak nito at paglakbayin ang mga mata nito sa katawan niya. Lalo pa siyang nailang nang bumaba ang tingin nito sa mga labi niyang kanina lang ay angkin nito.

Hindi nila napansin na makahulugang ngumiti si Mrs. Romulo. Tumikhim ito para makuha ang

kanilang atensyon. Ipinagdaop pa nito ang kanilang mga palad na hindi magawang bawiin ni Anya dahil ayaw niyang mapahiya ang ginang.

“So, ngayon na magkakilala na kayo, kayo na ang mag-usap tungkol sa problema sa jewelry shop,” anito, sabay bitaw sa kanilang mga kamay.

“Pero, Ma’am, kayo po ang gusto kong makausap tungkol sa problema doon. Baka ho kasi hindi maintindihan ni Sir Caleb ang bagay na ‘yon,” habol niya sa ginang.

“Hija, the moment we stepped back here in the Philippines, siya na ang nangasiwa sa mga negosyo. Siya na ang nagbigay ng go signal sa lahat ng operations kaya sa kanya ka dapat mag-report.” Taas ang kilay na tumalikod ang matanda.

“Let’s talk about that problem, sa library,” sabi ni Caleb gamit ang tinig na nagpalundag sa puso niya kanina.

Iginiya siya nito papunta sa isang kuwarto na malayo sa mga bisita. Nasa paanan iyon ng hagdanan ng mansyon. Binuksan nito ang pinto ng silid at iminuwestra ang loob na nag-aanyaya sa kanya na pumasok doon.

Para pa itong nang-aasar sa iginawi, dahil

hinihimas-himas pa nito ang pisngi na pinadapuan niya ng palad kanina. Nakangisi pa ito nang madaanan niya papasok ng silid-aklatan.

Bagsak ang mga balikat na tumayo si Anya sa tapat ng mesang gawa sa narra at hinintay itong makaupo. Kung sasabihin niya kay Mrs. Romulo ang problema ay baka madaan niya ito sa drama, alam niyang mabait ang ginang at baka maintindihan siya nito. Pero ngayon na kinailangang magsabi siya sa anak nito ukol sa bagay na iyon ay hindi niya lubos-maisip kung ano ang kaya nitong gawin sa kanya. Lalo na't nagkaroon sila ng hindi magandang unang pagtatagpo.

Nang makaupo ang binata sa kabisera ng mesa ay sinabi nitong maupo na rin siya. Tumalima siya at sinimulan niyang ilahad ang nangyaring nakawan sa shop. Tahimik lang itong nakikinig sa kanya at wala siyang mabasa na ekspresyon sa mukha nito.

Nang ipaalam din niya ang ginawa nilang hakbang ni Noel para mahuli ang kriminal ay kumunot ang noo nito. Sinabi niya kung sino si Noel at tanging tango lang ang ipinakita nito sa kanya. Wala itong sinabi hanggang sa matapos siyang magkuwento.

“Babayaran ko na lang po ‘yung nanakaw na alahas, kung papayag kayo. Ikaltas n’yo na lang po

sa sahod ko,” mungkahi ng dalaga.

“Sa kuwento mo ay diamond set ang nawala. Sa tantya ko ay hindi mura ang alahas na iyon, base na rin sa mga kilatis na ipinagbibili natin sa shop.”

“Two million ang set, puwera pa ang tax na binayaran natin nang ma-order ‘yun sa US,” paliwanag niya.

“Magkano ba ang sahod mo bilang supervisor?” saad nito nang tumayo mula sa swivel chair. Sinabi niya kung magkano ang tinatanggap niyang sahod. “I see. Ilang taon mo naman balak pagbayaran ang alahas?”

Pakiramdam ni Anya ay nanliliit siya sa takbo ng usapan. Maliit nga siguro ang sahod niya kumpara sa limpak-limpak na salaping binibilang at ginagasta nito. Pero sigurado siya sa sinabing pagbabayaran niya ang nawalang alahas. Kahit na abutin pa siya ng isang dekada sa shop na iyon.

“Umuwi ka na, Anya. I’ll see you tomorrow sa shop. Pag-iisipan ko kung ano ang dapat kong gawin sa ’yo.”

Tumayo ang dalaga mula sa kinauupuan. Sa pakiwari niya ay tila binabantaan siya ng bagong amo. Ano kaya ang gagawin nito? Ipahuhuli kaya siya

nito sa mga pulis bukas sa shop? Pero hindi naman siya ang kumuha at nakinabang sa mga alahas. Kailangan niyang patunayan na kaya niyang harapin ang responsibilidad.

“Uuwi na po ako, Sir. Bukas na lang po sa shop. Good night,” paalam niya saka tumalikod.

Matamang pinagmasdan ni Caleb ang paglabas ni Anya ng libray. Ngayon pa lang ay may nabubuo nang plano sa isipan niya kung paano mapagbabayaran ng dalaga ang nawalang diamante.

Talaga yatang kinakasihan siya ng pagkakataon. Nang ikuwento sa kanya ng ina ang tungkol sa babae ay na-curious na siya. Pawang magagandang salita ang namumutawi sa bibig ng ginang. Hindi pa naman madaling paluguran ang matanda. Kaya alam niya na kakaiba si Anya sa mga babaeng nakasalamuha niya.

Minadali pa ng kanyang ina ang pagreretiro para lang mapaglapit sila ng dalaga. Gusto kasi nitong mag-asawa na siya, hindi raw ito tututol kung si Anya ang mapipili niya.

Kaya naman nang magkaroon siya ng pagkakataon ay nilapitan na niya ang dalaga para ipaalam ang tunay na hangarin dito. Kaya lang ay may pag-aalinlangan ito sa mga sinabi niya. Kaya ipinadama na lang niya

rito, naniniwala kasi siyang 'action speaks louder than words'. Ngayon ay may pag-aalinlangan na siya sa mga katagang iyon. Nabigyan pa tuloy siya ng mag-asawang sampal.

Kunsabagay, matagal siyang nanatili sa Amerika at iba si Anya sa mga babaeng nakilala niya roon. Pawang mga liberated ang mga nakarelasyon niya sa bansang iyon. Kung matatawag nga iyong relasyon.

Hindi na nga siya marunong manligaw, kadalasan ay ang mga babae ang nagpapakita sa kanya ng motibo. Hindi natatapos ang gabi na hindi siya nakaka-score sa mga iyon.

Kanina ay namomroblema siya kung paano susuyuin ang babaeng napupusuan matapos ang sampalan blues.

Naisip din niyang mas lalo itong mahirap mapaniwala sa malinis niyang hangarin dito dahil sa ginawa niyang kapangahasan. Mabuti na lang at may nangyaring ganito.

Hindi niya sasayangin ang ganitong klaseng pagkakataon.

3

Isang linggo ang matuling lumipas sa buhay ni Anya sa loob ng jewelry shop. At sa loob ng isang linggo na iyon ay parati siyang kakaba-kaba. Wala kasing binabanggit si Caleb tungkol sa nawalang alahas. Basta nandoon lamang ito sa opisina at nagtatrabaho.

Kapag ipinapatawag siya nito ay pulos business deals ang pinag-uusapan nila. Gusto na nga niyang isipin na kinalimutan na nito ang tungkol sa problema sa shop.

Ayaw naman niyang siya ang magpaalala rito ng tungkol doon at baka iyon na ang maging katapusan niya sa jewelry shop. Hahayaan na lang niyang ang binata ang magbukas ng topic na iyon. Baka nag-iisip pa ito ng maaaring maging sagot sa nagawa niyang kapabayaan.

“Anya, ipinapatawag ka ni Sir,” sabi sa kanya ni Noel.

Napatigil ang dalaga sa pagsasalansan ng mga alahas sa estante. Biglang kumabog ang dibdib niya. Narinig niya kasi kanina na pinapatawagan ng binata kay Noel ang abogado nito at pati na rin ang kanilang

accountant na every two weeks ay nagpupunta sa shop. Pagkatapos ay ipinatawag siyang bigla. Ipina-compute ba ni Caleb ang utang niya at dahil sa laki ng halaga ay idedemanda na siya nito?

Kumatok muna ang dalaga sa pinto ng opisina bago marahang itinulak iyon para bumukas. Ni hindi man lang nag-angat ng tingin ang lalaki para sinuhin ang pumasok.

“Starting tomorrow,” panimula nito nang hindi siya tinitingnan, “hindi ka na magre-report dito sa shop.”

Parang bomba na sumabog sa kanyang tainga ang sinabi nito. Kung gayon ay tanggal na siya sa trabaho. Ni hindi man lang nito pinaabot sa katapusan ng buwan bago siya sisantehin. Kinalkula niya sa isip ang maaari lang niyang sahurin. Kulang iyon kung magsisimula siyang maghanap muli ng trabaho.

“Sir, puwede ho bang makiusap? Kasi ho, two months delayed ang rent ko sa room na tinutuluyan ko, hindi pa naman ako nagtatagal bilang supervisor. Kaya kung puwede sana, sa katapusan n’yo na ako tanggalin sa trabaho,” pagsusumamo niya.

Tiningnan siya nito nang matiim dahil sa inilahad niya. Para bang inaarok nito kung nagsasabi siya

ng totoo. Nakagat niya ang pang-ibabang labi para pigilan ang anumang pagragasa ng emosyon. Ngayon siya nagsisisi kung bakit ginasta niya ang pera sa bangko. Masyado siyang umasa sa susuwelduhin niya bilang supervisor. Tama ang kasabihang huwag magbilang ng sisiw hangga't hindi pa napipisa ang itlog.

Mayamaya ay may namutawing ngiti sa mga labi ng lalaki, tila ito nakakaloko. Napakunot-noo siya sa iginawi nito. Napakawalang-puso naman nito para matuwa pa sa kinasangkutan niyang sitwasyon ngayon.

“I want you to be my personal assistant. Hindi naman siguro lingid sa kaalaman mo na maraming negosyo ang pamilya na kailangan kong pamahalaan. So kinakailangan ko ng PA,” paliwanag nito.

Gusto niyang magalak sa narinig na hindi siya nawalan ng trabaho. Ang kaso, PA raw ang kailangan nito, meaning glorified alalay. Iyon ang alam niyang ibig sabihin ng personal assistant. Kunsabagay, mas okay na ang ma-demote kaysa naman ang mawalan ng trabaho.

“Pinapunta ko rito ang driver ni Mama, pagdating niya ay isama mo siyang umuwi at kunin mo ang lahat ng gamit mo. Hindi ka na titira doon.” Pagkasabi

niyon ay tumayo ito at dinukot ang wallet mula sa backpocket ng slacks saka kumuha ng pera roon. Inilapag nito iyon sa mesa. ”Bayaran mo ang kulang mo sa renta at magpahatid ka sa condo ko.”

“Ha?” naguguluhang tanong niya.

“Stay-in ang trabaho mo sa akin.”

Aapela pa sana siya kung hindi lang pumasok si Noel at sinabing dumating na si Mang Tonio, ang driver. Pinalabas na siya ni Caleb ng opisina at binilinan na huwag siyang magpagabi kung ayaw niyang masaraduhan ng pinto.

Ito na ba ang simula ng pagbabayad ko sa mga alahas? naisaloob niya habang papalabas ng opisina.

“Ang suwerte mo naman, imagine PA ka na ni Sir,” natutuwang sabi ng kaibigan.

“Suwerte? Na-demote nga ako, eh. Talaga yatang pagbabayaran ko na ang mga nawalang diamante. Sa palagay mo, twenty-four hours on duty kaya ako?” naililing na tanong niya.

“Kahit na twenty-four hours, seven days a week, thirty-one days a month at three hundred sixty-five days a year pa, okay na ‘yun. At least, hindi cash ang pagbabayad mo. Mag-iingat ka nga lang kay Sir,

mukhang palikero pa naman. Baka mamaya ma-in love ka,” pahayag nito.

“Don’t worry ‘bout me. Hindi ako madaling ma-in love sa mga lalaking makakapal ang mukha.”

Nangunot ang noo ni Noel sa huling sinabi ng dalaga pero hindi na siya nag-explain pa. Bahala ito sa kung ano ang gusto nitong ipakuhulugan sa sinabi niya.

Inihatid siya ni Noel hanggang sa labas ng jewelry store. Nalulungkot si Anya na hindi na siya papasok dito. Halos araw-araw ay ito ang routine niya maliban lang sa Linggo. Ang mga nakasanayan niyang ginagawa ay hindi na niya maitutuloy pa. Ang mga kaibigan niya ay hindi na niya madalas makikita. Lalabas na siya sa kanyang comfort zone.

“Ingat ka d’on, ah. Huwag mo kaming kalilimutan,” biro nito nang akmang sasakay na siya sa kotse.

“Tumigil ka nga!” asik niya. “Basta, matuto ka sa naging katangahan ko, baka mamaya dalawa na tayong PA,” ganti niya.

Nang marating ang boarding house kung saan siya nangungupahan ng silid ay pinagkape muna niya si Mang Tonio sa karinderya. Doon na lang siya nagpahintay habang nagliligpit at nagbabalot ng mga

gamit. Kaunti lang naman iyon, karamihan ay mga damit at libro. Ang ibang maliliit na kasangkapan ay ipinamana na niya sa mga kapit-kuwarto. Hindi na niya iyon kakailanganin kung titira siya sa condo unit ni Caleb. Aanhin niya ang mga iyon sa pad nito kung may magagarang kasangkapan doon?

Sakay ng kotse patungo sa tinitirhan ng amo ay hindi niya maiwasan ang mahulog sa malalim na pag-iisip. Ito ba ang kahahantungan ng kanyang buhay? Kung susumahin niya, baka may asawa't anak na ang lalaki ay hindi pa niya nababayaran nang buo ang mga diamante. Buwisit kasi na babaeng magnanakaw na iyon!

Pumasok din sa isip niya ang huling sinabi ni Noel. Paano kung ma-in love nga siya sa binata? *Hindi pa nga ba?* sansala niya sa isip. Noong unang beses na nagkaharap sila ay hindi niya maitatangi na na-attract siya rito. Ipinahayag pa nito na gusto siyang ligawan.

Ang kaso, marami nang nangyari sa pagitan nila. Mas lalo na siyang hindi bagay rito. Alalay? Sino ba naman ang papatol sa alalay na nakawala ng milyones na halaga ng alahas?

Dapat ay sikilin na niya ang nararamdaman para sa binata, para rin sa kanyang kabutihan. Hindi na

niya daragdagan pa ang komplikasyong bumabalot sa pagitan nila ni Caleb. Tama nang amo niya ito at PA siya. No more, no less.

Narating nila ang building ng tinitirhan nito bandang alas ocho ng gabi. Doon na siya iniwan ni Mang Tonio at bumalik na ito sa mansyon ni Mrs. Romulo. Nakaakyat na siya sa ikalimang palapag kung saan inookupa ni Caleb ang isang unit doon. Dahil kinakabahan siya, nanginginig ang kanyang kamay nang kumatok siya sa pinto niyon. Baka hindi siya pagbuksan nito dahil gabi na. Naalala pa niya ang bilin nito kanina na huwag siyang magpagabi.

Sa tantya niya ay wala pa si Caleb sa loob dahil wala siyang marinig na ingay na nagmumula sa unit nito. Sinilip niya ang siwang ng pinto sa ilalim at wala siyang nakita na liwanag mula roon. Napahinga siya nang maluwas, mabuti at nauna siya rito. Hindi siya matutulog sa labas.

Ilang oras na ang lumipas pero wala pa rin ang binata. Nagtanong na siya sa guwardya sa lobby kung dumating si Caleb kanina, pero wala ang pangalan ng huli sa logbook nito. Patunay lamang na hindi pa umuuwi ang kanyang amo. Alanganing bumalik siya sa fifth floor para muling maghintay.

Kung bakit naman kasi walang receiving area

ang condo building na iyon. Hindi ba nila na-foresee na may mga bisita na darating kahit wala pa ang kanilang sadya?

Nakailang kanta na siya ni Regine Velasquez sa isip, paos na nga ang iniidolo niyang singer sa loob ng utak niya. Kung bakit kasi ang tagal-tagal dumating ng hinihintay niya.

Kanina ay nakatayo siya sa tapat ng pinto ni Caleb. Ngayon, wala na siyang pakialam kung may makakita sa kanya na nakasalampak sa harapan niyon. Mahigit tatlong oras na kaya siyang naghihintay at nangangawit na ang mga binti niya sa katatayo.

Wala siyang ibang choice kundi ang magpasensya. Wala na siyang mapupuntahang iba. Namimigat na rin ang talukap ng mga mata niya at kanina pa kumakalam ang kanyang sikmura.

Hanggang sa iluwa ng elevator ang taong pinakahihintay niya. Hindi siya tuminag sa pagkakaupo sa sahig kahit na nang makalapit ito sa kanya. Pinukulan niya ng masamang titig ang hudas na nagawa pang ngumiti nang pagkatamis-tamis sa kanya.

“Anong oras na? Kanina pa ako dito, kulang na lang maglatag ako ng kumot at dadatnan mo na akong naghihilik. Saan ka ba galing?” inis na salubong niya

kay Caleb habang hindi maipinta ang mukha dahil sa pagkakasimangot.

“I’m sorry, hindi ko in-expect na ma-late ng pag-uwi. May biglaan kasing client na dumating kanina at nakipag-meeting over dinner.”

“Ganoon? Bale-wala lang sa ’yo na mapanis ako dito? Ni hindi ka man lang tumawag o nag-text para sabihin na gagabihin ka. Sana nag-ikot-ikot muna ako para naman hindi ako nagmukhang tanga sa kakahintay sa ’yo dito,” nabubuwisit pa rin na turan niya.

Inalalayan siya nito na makatayo. Dahil kanina pa siya naka-Indian seat ay nag-cramps ang mga binti niya, dahilan para ma-off balance siya at mapayakap sa binata.

“You sounded like a jealous wife, gusto ko ‘yun,” bulong nito sa kanyang tainga habang ipinaikot ang braso nito sa baywang niya.

Napatingin si Anya rito. Hindi niya malaman kung ano ang pumasok sa isip at imbis na bumitiw sa binata ay sumandal pa siya sa dibdib nito. Napapikit siya nang maamoy ang panglalaking pabango nito, na halos mawala na at mapalitan ng sarili nitong amoy. Tila naglaho ang inis niya rito dahil sa ginawang

pagpapahintay sa kanya.

Naramdaman na lang niya ang masuyong haplos nito sa kanyang buhok malapit sa punong-tainga niya na nakapagpanumbalik sa nalalasing niyang diwa. Parang napasong na bigla siyang kumalas sa yakap nito. Nang hindi malaman ang sasabihin ay pinagtakpan niya iyon ng galit.

“Nagte-take advantage ka na naman! Para nag-cramps lang ang binti ko ‘y nakayakap ka na agad. Hmph! Hindi pa ba tayo papasok?” kunwa’y galit nitong pahayag.

Hindi naman apektado si Caleb sa patutsada niya. Nakangiti pa nga ito nang kuhanin sa bulsa ng pantalon nito ang susi ng pinto. Ito na rin ang nagbuhat ng mga gamit niya. Hindi niya ito nagawang tulungan, okupado ang kanyang isip sa nangyari kanina. Bakit ba siya biglang nagkaganoon? Dahil ba sa gutom ay nagkakaagiw na ang utak niya?

Hindi na dapat uli mangyari iyon! babala niya sa sarili.

Matapos siyang ilibot ng binata sa condo unit ay sinamahan siya nito sa magiging kuwarto niya. Katabi lang iyon ng silid nito at may sarili rin iyong banyo. Neutral ang kulay ng pintura at kompleto sa

gamit. Gandang-ganda siya sa magiging silid niya.

At bakit hindi? Pulos mamahalin ang mga gamit na nasa loob niyon. Kumpara sa dati niyang tinirhan na binabayaran pa niya ng tatlong libo kada buwan na hindi naman name-maintain ng landlady nila ang amenities.

Pinakain muna siya ng binata bago siya hinayaang makapagpahinga. Ito ang nagluto sa kinain nila na carbonara. Nanibago siyang talaga dahil ni minsan ay wala pang lalaki na nagsilbi sa kanya maliban sa mga waiters na nagse-serve tuwing kumakain siya sa restaurant.

Lalo pa't guwapong lalaki na kagaya ni Caleb. Kaya hinayaan niya ito sa kusina. Pinanood na lang niya ang pagkilos nito habang siya ay sitting pretty sa hapag-kainan.

Nang gabing iyon ay magaan ang loob ni Anya sa pagtulog. Alam niyang nasa kabilang silid lang ang lalaki. Presence pa lang nito, pakiramdam niya ay safe na safe siya.